Northern Territory Government

DEPARTMENT OF
HOUSING, LOCAL GOVERNMENT AND REGIONAL SERVICES

www.nt.gov.au

Interpreting and Translating Service NT
GPO Box 4621
Darwin NT 0801
Tel 08 8999 8506

OFFICIAL TRANSLATION issued by the INTERPRETING AND TRANSLATING SERVICE NT
In providing this translation, no warranty is given to the authenticity of the presented document. Any unsealed alteration to this translation renders it invalid.
NAMBAKER
28/02/2011

Translated into Filipino
Registration No 1011-9215

Community Justice Centre

Ano ng Sentro ng Hustisya sa Komunidad (Community Justice Centre)?
Ito ay itinatag ng Gobyerno ng Northern Territory para magbigay ng mga serbisyo ng pamamagitna sa komunidad upang makatulong sa mga tao na magkakasundo sa kanilang mga sigalot na hindi na kinakailangan pa ng korte. Ang aming serbisyo ay walang bayad, kompidensyal, boluntaryo, napapanahon at madaling gamitin.

Bakit gagamit ng Pamamagitna (Mediation)?
Ang pamamagitna ay tungkol sa pagpupulong ng mga tao upang mapag-usapan ang mga di-pagkakaunawaan. Ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa lahat ng mga taong may-alitan na makapagsalita tungkol sa gusto nilang mangyari at makapagsabi ang kalutasan ng kanilang problema. Ito ay nagbibigay ng paraan ng paglulutas sa pinag-aawayan na hindi kinakailangan ng pakikialam ng batas, na magiging makunsumo sa oras at pera.

Ang CJC ay nagbibigay ng isang ligtas at di-pormal na kapaligiran kung saan ang mga taong nag-aaway, ay sa tulong ng mga may kasanayang mga tagapagitna (mediators) ay maaaring magkasundo. Ang pagpupulong sa pamamagitna sa CJC ay ginagawa ng isa o dalawang may kasanayan at walang kinikilingang tagapaggitna (mediators) na tutulong sa inyo na:

- Kilalanin ang mga problema
- Pag-isipan ang mga paraan sa paglutas sa mga problema
- Pag-isipan ang mga mapagpipilian
- Magkasamang maghanap ng pagkakasunduan

Ang mga tagapagitna ay magbibigay ng pamatnubay kung paano gagawin ang pagpupulong. Ang mga taong may sigalot ang magsabi kung ano ang mga mapapapag-usapan at mapapapagkasunduan. Ang mga tagapagitna ay walang kinikilingan at pinapaburan o magbibigay ng pagpapayong legal. Mahigit na 85% sa mga pinagitnaan ay nagkakasundo. Ang karamihang mga kaso ay madaling ayusin at nagtatapos ng 2-4 oras.

Ano ang mga sigalot na nababagay sa pamamagitna?
Ang CJC ay makakatulong sa inyo sa paglunas ng ibat-ibang uri ng di-pagkakaunawaan, pati ang:

- Mga sigalot sa loob ng lokal na komunidad/kapitbahayan dahil sa bakod, ingay, alagang hayop, punong kahoy, nasirang ari-arian at mga asal ng tao
- Mga sigalot sa mga miyembro ng mga pangkat at organisasyon
- Mga ugnayan sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya
- Mga maliliit at “civil” na paghahabol
- Pagpupulong ng Biktima at Nagkasala
- Marami pang ibang uri ng pag-aaway

Paano magsaayos ng Pamamagitna (mediation)?

The translation of this document was based on a photocopy of the source document. The Interpreting and Translating Service NT is unable to, and does not, implied or otherwise, warrant the authenticity of the source document.

Maaari kayong tumawag sa aming libreng matatawagan na numero (freecall number), sumulat, mag-email o bumisita ng personal.
Mayroong libreng serbisyo ng tagasalin-wika (interpreter).
Kung kayo ay tatawag sa CJC, ang aming mga may karanasan na kawani ay:

- Kakausapin kayo tungkol sa problema at pag-uusapan ang mga paraan upang kayo mismo ang makakalutas nito
- Magbigay ng impormasyon at/o rekomendasyon
- Tatasahan kung ang inyong sigalot ay maaaring daanin sa pamamagitna at kung ganoon ay humingi ng maigsing impormasyon tungkol sa inyo, ang inyong mga pangamba at mga iba pang taong kasabwat at
- Sa inyong kapahintulutan, tatawagan namin ang kabilang panig upang aayusin ang eskedyul ng pamamagitna sa panahong may maluwang na oras kayong dalawa.

Ang mga pamamagitna ay maaaring gawin sa araw, gabi o Sabado't Linggo. Ang mga pamamagitna ay gagawin sa Community Justice Centre sa Darwin o sa mga nababagay na lugar sa Teritoryo na malapit sa inyo. Ang pag-uusap sa telepono (telephone conferencing) ay maaari ring gawin.

Mga matatawagan:
Para sa dagdag na impormasyon:
Telepono: 1800 000 473
Faks: 08 8999 6226
Web: www.cjc.nt.gov.au
Email: cjc.doj@nt.gov.au

Sumulat sa:
GPO Box 1722
DARWIN NT 0801

Bumisita sa:
Unang palapag ng Darwin Magistrates Court
Nichols Place
Darwin NT 0800

OFFICIAL TRANSLATION issued by the INTERPRETING AND TRANSLATING SERVICE NT
In providing this translation, no warranty is given to the authenticity of the presented document. Any unsealed alteration to this translation renders it invalid.
NALBAKER
28.02 2011

The translation of this document was based on a photocopy of the source document. The Interpreting and Translating Service NT is unable to, and does not, implied or otherwise, warrant the authenticity of the source document.

DEPARTMENT OF **HOUSING, LOCAL GOVERNMENT AND REGIONAL SERVICES** **www.nt.gov.au/dhlgrs**